Kapag sinaktan ng isang babae ang asawa niya sa Mundo, magsasabi ang maybahay nito na kabilang sa mga dilag na maganda ang mata: Huwag mo siyang saktan; awayin ka ni Allah sapagkat siya sa piling mo ay isang panauhin lamang na napipintong humiwalay sa iyo papunta sa amin.

Ayon kay Mu`ādh bin Jabal, malugod si Allah sa kanya: "Kapag sinaktan ng isang babae ang asawa niya sa Mundo, magsasabi ang maybahay nito na kabilang sa mga dilag na maganda ang mata: Huwag mo siyang saktan; awayin ka ni Allah sapagkat siya sa piling mo ay isang panauhin lamang na napipintong humiwalay sa iyo papunta sa amin."
[Tumpak] [Isinalaysay ito ni Imām Ibnu Mājah - Isinaysay ito ni At-Tirmidhīy - Isinaysay ito ni Imām Aḥmad]

Pinagbawalan ng Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan, ang maybahay na saktan ang asawa niya sa Mundo sapagkat ang asawang ito ay isang panauhin at nanununluyan sa Mundo na napipintong na lumisan mula rito patungo sa Kabilang-buhay. Papasok ito sa Paraiso at ito ay magiging ukol sa mga babae ng Kabilang-buhay.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/5822